Sarbey tungkol sa kalidad ng buhay ng mga may Kanser

Taglog

Iba-iba ang kahulugan ng kalidad ng buhay sa iba't-ibang tao, ngunit ang epekto nito ay mahalaga para sa lahat. Mas maraming tao ngayon ang gumagaling sa kanser kaysa sa dati. Ngunit ang mamuhay na may kanser, kasama ng mga epekto sa paggamot nito, ay maaaring magkaroon ng masamang epekto sa pisikal, emosyonal at pangsosyal na kapakanan ng pasyente.

Naniniwala ang Public Health England, NHS England at ang NHA Improvement na ang mga epektong nagmumula sa kalidad ng buhay ay importante sa mga pasyente. Isang pambansang sarbey, ang Cancer Quality of Life survey, ay inilunsad upang matulungan kaming maunawaan ang mga isyung mahalaga sa mga pasyente.

Mula Hulyo 2021, lahat ng mga pasyenteng may kanser sa England ay inaanyayahang magsagawa ng sarbey pagkalipas ng 18 buwan matapos matanggap ang kanilang diagnosis. Makakatulong ang impormasyong magmumula sa sarbey sa pagbuo ng pinakaepektibong suporta para sa mga taong may kanser at sa mga gumaling na mula sa sakit na ito.

Maaaring sagutin ang sarbey nang 5-10 minuto at maaari itong isagawa online, sa papel na kopya, o sa telepono. May mga tanong rin tungkol sa inyong kalagayan.

Kung pumayag kang sagutin ang sarbey, ititipon ang mga sagot mo ng isang kompanyang tawag Quality Health, para sa NHS England at NHS Improvement. Mananatiling ligtas ang iyong personal na impormasyon at ang iyong mga sagot ay mananatiling kumpidensyal.

Hindi makikita ng mga propesyonal na gumagamot o nag-aalaga sa iyo ang mga sagot mo sa sarbey. Kung may pag-aalala ka sa iyong kalusugan, o sa iyong kalagayan, mangyari lamang na tawagan ang iyong GP o espesyalistang nars. Walang magkakaroong pagbabago sa iyong paggamot, sumagot ka man sa sarbey o hindi.

Paki-kontak ang Quality Health (ang tagapangasiwa ng sarbey) para sa mga sumusunod:

- Kung may mga tanong ka tungkol sa sarbey
- Kung gusto mong sagutin ang sarbey sa telepono
- Kung kailangan mo ang sarbey sa ibang format (halimbawa sa ibang wika)
- O, kung ayaw mong tumangkilik

Quality Health

Freephone helpline: 0800 783 1775 (9am to 5pm, Lunes hanggang Biyernes)

Email: helpline@quality-health.co.uk

Website: www.cancerqol.england.nhs.uk

Address: Freepost QUALITY HEALTH
(Wala na kailangang isulat pa sa sobre o envelope, at hindi na kailangang maglagay ng selyo o stamp)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Cancer Quality of Life, mangyari lamang na pumunta sa website na ito: https://www.cancerqol.england.nhs.uk